

Estado ng Illinois

Department of Employment Security



TELE-SERVE

TELEPHONE EXPRESS LINE

(312) 338-IDES

(312) 338-4337

**Magpatunay para sa Mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho
sa pamamagitan ng Telepono**

**Mga Oras ng Tele-Serve
3:00 ng umaga - 7:30 ng gabi
Lunes hanggang Biyernes**

**IDES Claimant Services
1-800-244-5631
1-866-322-8357 TTY**

IDES
ILLINOIS DEPARTMENT OF
EMPLOYMENT SECURITY

Upang makatipid sa oras:
Magpatunay [*certify*] para sa mga
benepisyo sa kawalan ng trabaho
sa pamamagitan ng telepono!

Kapag ikaw ay naghain para sa insurance sa kawalan ng trabaho [*unemployment insurance*], dapat kang “magpatunay” sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Ang pinakamahusay na paraan para magpatunay para sa mga benepisyo ay ang internet. Maaari kang magpatunay para sa mga benepisyo online sa **ides.illinois.gov/certify**.

Tumawag sa Tele-Serve: (312) 338-4337
Available mula
Lunes hanggang Biyernes
3:00 ng umaga hanggang 7:30 ng gabi
TTY: (800) 662-3943
Lunes hanggang Biyernes
8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon

Sa Tele-Serve, maaari kang:

- Magpatunay [*certify*] para sa mga benepisyo sa unemployment insurance
- Tingnan ang status ng iyong claim sa unemployment insurance
- Humiling ng federal income tax form 1099-G
- Kumuha ng iba pang impormasyon ng IDES

**Kung hindi ka magpapatunay,
hindi mo matatanggap ang iyong mga
benepisyo sa unemployment insurance.**

Tatlong hakbang upang magamit ang Tele-Serve

1. Maghain para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa telepono o online sa **ides.illinois.gov**.
2. Magpapadala sa iyo ang IDES ng isang UI Finding na sulat kasama ang iyong itinalagang araw ng sertipikasyon. Kung hindi mo natanggap ang impormasyong ito sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa na iyong inihain ang iyong claim, makipag-ugnayan sa Claimant Services.
3. Tumawag sa Tele-Serve sa iyong nakatakdang araw ng sertipikasyon kada dalawang linggo.
 - Sa unang pagkakataong ikaw ay tumawag, gagawa ka ng personal identification number (PIN). I-save ang PIN na ito. Kakailanganin mo ito sa tuwing ikaw ay tatawag.
 - Ilagay ang iyong PIN at sagutin ang mga awtomatikong tanong gamit ang touch-tone na telepono.



Kapag ikaw ay tatawag, ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong Social Security number at ang iyong PIN;
- Anumang kabuuang sahod na iyong kinita (bago ang mga buwis at holiday pay) sa panahon ng sertipikasyon na ito
- Papel at lapis upang isulat ang anumang impormasyong ibinigay sa iyo sa panahon ng iyong tawag



Kung hindi ka makapagpatunay sa pamamagitan ng telepono dahil hindi ka nagsasalita o nagbabasa ng wikang Ingles o Espanyol, o wala kang access sa touch-tone na telepono, makipag-ugnayan sa Claimant Services sa loob ng isang linggo pagkatapos ihain ang iyong claim upang mag-ayos ng mga espesyal na akomodasyon.

Pagkatapos magpatunay, mangyaring maghintay ng 8 araw bago matanggap ang iyong benepisyo sa pamamagitan ng papel na tseke, o 2-3 araw para sa direct deposit.

Kung Makaligtaan Mo ang Iyong Araw ng Pagtawag

Kung nakaligtaan mo ang iyong regular na araw ng pagtawag (Lunes, Martes o Miyerkules), maaari ka pa ring tumawag sa Huwebes o Biyernes ng parehong linggong iyon. Maaari ka ring tumawag sa iyong regular na araw ng pagtawag sa susunod na linggo (o Huwebes o Biyernes ng linggong iyon). Ang pagbabayad ng mga benepisyo ay ibabatay sa pagpapatunay para sa mga benepisyo sa isang maagap na paraan at pagtugon sa mga kinakailangan ng Illinois Unemployment Insurance Act sa pagiging karapat-dapat.

Itago ang iyong PIN!

- Isulat at itago ang iyong PIN. Kakailanganin mo ito sa tuwing ikaw ay tatawag. Ang iyong PIN ay valid para sa iyong buong taon ng benepisyo.
- Ang opsyon na PIN Maintenance sa Tele-Serve ay nagbibigay-daan sa iyo na palitan ang iyong PIN kung sa tingin mo ay hindi na ito secure.
- Kung nakalimutan mo ang iyong PIN, makipag-ugnayan sa Claimant Services upang i-reset ang iyong PIN.

Tandaan: Ang iyong PIN ay may parehong legal na epekto gaya ng iyong lagda sa isang papel na dokumento. **HUWAG** ibigay ang iyong PIN sa sinuman. Kung naniniwala kang may nakakaalam ng iyong PIN o kung nakalimutan mo ang iyong PIN, tawagan kaagad ang Claimant Services. Ire-reset ang kasalukuyang PIN upang makagawa ka ng bagong PIN sa pamamagitan ng telepono. Huwag ipaalam ang iyong PIN sa sinuman. Walang access ang mga tauhan ng IDES sa iyong PIN; maaari lamang nilang i-reset ito. Responsibilidad mo na tiyakin na ang iyong PIN ay hindi ginagamit sa maling paraan.

**Mabilis na Gabay sa
Mga Opsyon sa Menu
(312) 338-4337**

Pindutin ang

- ① Upang sabihin ang mga linggo ng kawalan ng trabaho
- ② Upang muling buksan ang iyong claim
- ③ Tingnan ang status ng iyong claim (gayundin ang mga benepisyong iniulat sa IRS)
- ④ Gumawa ng o baguhin ang iyong PIN
- ⑤ Pangkalahatang impormasyon ng IDES

Mga Katanungan sa Sertipikasyon

- Nakatanggap ka na ba o makakatanggap ka ba ng holiday pay sa panahon ng Linggo [petsa ng simula ng unang linggo] hanggang Sabado [petsa ng katapusan ng ikalawang linggo]? (Ihanda ang halaga ng holiday pay.)
- Nagtrabaho ka ba sa panahon ng Linggo [petsa ng simula ng unang linggo] hanggang Sabado [petsa ng katapusan ng ikalawang linggo]? (Ihanda ang mga kita bago ang buwis.)

-
- Nagbago ba ang iyong dependency status sa panahon ng sertipikasyon na ito?
 - Nagawa mo bang magtrabaho bawat linggo?
 - Aktibo ka bang naghanap ng trabaho para sa linggo ng Linggo [petsa ng simula ng unang linggo] hanggang Sabado [petsa ng katapusan ng ikalawang linggo]?
 - Pumasok ka ba sa paaralan o nakatanggap ng pagsasanay?
 - Mayroon ka bang kasalukuyang claim sa kompensasyon ng mga manggagawa o inaasahan mo bang makatanggap ng kompensasyon ng mga manggagawa para sa pansamantalang pagkabalado?
 - Nagbago ba ang iyong numero ng telepono?
 - Nagbago ba ang iyong address ng pagpapadalhan [*mailing address*] o pangalan? (*Tandaan: Ang mga claimant ng Extended Benefit ay tatanungin ng mga karagdagang katanungan.*)

Kung ikaw ay kumita ng higit sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo sa anumang linggo, dapat mong buksan muli ang iyong claim. Awtomatikong bubuksan muli ng Tele-Serve ang iyong claim kung natutugunan mo ang ilang partikular na kinakailangan.

Mga Pagbabago sa Address at Pangalan

- Hindi ipadadala ng serbisyong koreo ang IDES mail.
- Tumawag sa IDES Claimant Services sa oras ng trabaho.
- Sasabihin sa iyo ng Tele-Serve ang numerong tatawagan.



Mahalagang Paalala!

- Huwag ibababa ang tawag hanggang sa sabihin sa inyo ng Tele-Serve na ang iyong claim ay natanggap na.
- Bantayan ang iyong PIN. Ikaw ang responsable sa lahat ng aktibidad sa iyong claim.
- Itala ang iyong mga pagsisikap sa paghahanap ng trabaho bawat linggo sa form na ibinigay ng IDES.

Walang Diskriminasyon

Ang IDES ay isang employer na may pantay na oportunidad at sumusunod sa lahat ng mga pang-estado at pederal na mga batas na walang diskriminasyon sa pangangasiwa ng mga programa nito. Ang mga karagdagang tulong at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling. Makipag-ugnayan sa Office Manager ng tanggapan ng IDES na pinakamalapit sa inyo o sa IDES Equal Opportunity Officer sa (312) 793-9290 o TTY (lina ng telepono para sa mga bingi) (888) 340-1007.

Tandaan: Ang impormasyong nakapaloob sa brochure na ito ay maaaring magbago anumang oras. Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang website ng IDES sa ides.illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Department of Employment Security
33 S. State Street
Chicago, IL 60603-2901
(800) 244-5631, TTY (800) 526-0844
www.ides.illinois.gov